Sa mga magulang na babiyahe dala ang kanilang mga anak patungo sa ibang bansa
Sa mga magulang na pabalik ng Japan dala ang kanilang mga anak

Mga suliraning maaaring harapin kapag inalis ang mga anak mula sa bansa ng kasalukuyang kinalalagyan
(ayon sa sistemang legal ng iba't ibang bansa at sa "Hague Convention")

Kagawaran ng Ugnayang Panlabas ng Bansang Japan

Sa mga Tao na may planong magpakasal sa indibiduwal na may ibang nasyonalidad;
Sa mga sa mga tao na kasal sa indibiduwal na may ibang nasyonalidad;
Sa mga tao na naninirahan sa ibang bansa;
Sa mga tao nagbabalak manirahan sa ibang bansa…

Kayo ba ay may kaalaman tungkol sa "**Hague Convention**"?

Alamin at intindihin natin ang mga alituntunin ukol sa pagdadala at pagsama ng anak sa ating paglalakbay sa iba't ibang bansa.

Sa anong klaseng sitwasyong maaari kang mapasailalim sa "Hague Convention"?

Ano ang dapat malaman at bigyan ng pansin kung dadalhin at isasama ng isang magulang ang kanyang anak sa paglabas at pagpasok sa isang bansa?

Ano ang "Hague Convention"?

Pinag-iisipan kong pumunta sa Japan o sa ibang bansa dala ang aking mga anak…

Maaari bang maaresto ang isang magulang kung dadalhin at isasama niya ang kanyang anak sa ibang bansa nang walang pahintulot?

Saan maaaring kumonsulta at humingi ng payo ang isang magulang kung sakaling magkaproblema siya habang nasa ibang bansa?

Mga importanteng bagay na dapat na alalahanin ng isang magulang kung dadalhin at isasama ang anak sa pag-alis at pagpasok ng isang magulang sa isang bansa

- May mga bansa na humihingi sa magulang ng dokumento mula sa isa pang magulang na nag lalahad ng pahintulot na dalhin at isama ang anak sa pagpasok at paglabas ng bansa. Mayroon ding mga bansa na bago payagang umalis ng kinaroroonang bansa ang isang bata ay hinihingan ng dokumento ang magulang na magpapatunay na ang pagadadala at pagsama ng anak sa pagpunta sa ibang bansa ay may pahintulot ng korte.
- Ang mga Hapon ay hindi kinakailangang magpresenta ng dokumentong naglalahad ng pahintulot na dalhin at isama ang anak sa paglalakbay sa ibang bansa palabas man o papasok ng Japan.

Para sa mga detalye, mangyari lamang magtanong sa mga ahensiya ng pamahalaan o sa kinauukulang diplomatikong misyon ng bansang patutunguhan o titirahan.

Ano ang dokumento na nagbibigay pahintulot sa paglalakbay sa iba't ibang bansa?

Ito ay isang kasulatang naglalahad ng pahintulot ng isang magulang sa pagdadala at pagsama ng anak sa paglabas at pagpasok ng ibang bansa kasama ang isa pang magulang.

- Sa ilang bansa, ang pagdadala at pagsama ng bata kahit pa na sariling anak sa ibang bansa nang walang pahintulot ng isa pang magulang ay tinuturing na krimen, katulad ng krimen ng pagkidnap at iba pa. Kapag nangyari ito, maaaresto ang kinauukulang magulang sa kanyang muling pagpasok sa bansang pinang galingan.

Para maiwasan ang ganoong pangyayari, mangyari lamang kumonsulta at kumuha ng payo mula sa isang abogadong bihasa sa kinauukulang batas ng bansa kung saan nais dalhin o isama ang anak.

Sa pagdadala at pagsama ng anak sa iba't ibang bansa, posibleng mapasailalim ang isang magulang sa probisyon ng "Hague Convention".

Ano "Hague Convention"?

Ang "Hague Convention" ay isang kasunduan sa pagitan ng ilang mga bansang nagsasaad tungkol sa mga sumusunod na bagay:

①Isang sistemang pag tutulungan na kung saan ang mga bansang lumagda ay obligadong mag sagawa ng paraan upang maibalik ang mga bata sa bansang kinagawiang tirahan nito bago siya illegal na inalis o kinupkop sa ibang bansa na walang pahintulot ng isa pa nitong magulang.

➡Ang di pag kakaunawaan sa pangangalaga sa anak ay pag papasyahan pagkabalik ng bata sa bansang kinagawiang tirahan nito.

②Ang pagtutulungan ng mga bansang lumagda sa Kombensyon upang masiguro ang karapatan ng magulang na madalaw at makipag-ugnayan sa kanyang anak kapag ang nasabing magulang ay naninirahan sa ibang bansa.

Ano ang ibig sabihin ng "ilegal na pag-alis at pagdadala o pagkupkop"?

Ito ay tumutukoy sa paglabag sa karapatan ng isang magulang ukol sa pangangalaga at pagkupkop ng bata (halimbawa, kapag walang pahintulot ng magulang na kasalukuyang nag-aalaga at kumukupkop sa bata): 1) ang pag-alis ng bata sa bansa ng kinagawiang tirahan nang walang pahintulot ng nasabing magulang (pagkidnap ng bata), 2) ang patuloy na pagkupkop ng bata bagama't lagpas na ang pinagkasunduang panahon na ibabalik ang bata sa bansa ng kinagawiang tirahan nito (pagpigil o detensyon ng bata).

Opisyal na pangalan ng "Hague Convention"

"Convention on the Civil Aspects of International Child Abduction"

Anong klaseng sitwasyong naangkop ang pagpapatupad ng "Hague Convention"?

◎Ilang taon na ang anak mo?

Ang mga batang may edad na LABING ANIM na taon gulang (16) at pababa ay nasasakop ng "Hague Convention".

◎Saan kayo patungo at maninirahan?

Ang mga bansa na lumagda sa "Hague Convention" ukol sa ilegal na pagkidnap o pagpigil ng bata at sa pagdalaw at pakikipag-ugnayan sa bata ng kanyang magulang ay nakalahad sa sumusunod na listahan.

Listahan ng mga bansa kasama sa "Hague Convention" (2017.3)

Asia

- China (Hong Kong & Macao only)
- Japan
- Republic of Korea
- Pakistan
- Philippines
- Singapore
- Sri Lanka
- Thailand

*Hindi kasama ang ibang lugar sa China

North America

- United States of America
- Canada

Oceania

- Australia
- Fiji
- New Zealand

Middle East

- Iraq
- Israel
- Turkey

Africa

- Burkina Faso
- Gabon
- Guinea
- Lesotho
- Mauritius
- Morocco
- Seychelles
- Republic of South Africa
- Zambia
- Zimbabwe

Latin America and the Caribbean

- Argentine
- Bahamas
- Belize
- Brazil
- Bolivia
- Chile
- Colombia
- Costa Rica
- Dominican Republic
- Ecuador
- El Salvador
- Guatemala
- Honduras
- Mexico
- Nicaragua
- Panama
- Paraguay
- Peru
- Saint Christopher and Nevis
- Trinidad and Tobago
- Uruguay
- Venezuela

Europe

- Albania
- Andorra
- Armenia
- Austria
- Belarus
- Belgium
- Bosnia and Herzegovina
- Bulgaria
- Croatia
- Cyprus
- Czech Republic
- Denmark
- Estonia
- Finland
- France
- Georgia
- Germany
- Greece
- Hungary
- Iceland
- Ireland
- Italy
- Kazakhstan
- Latvia
- Lithuania
- Luxembourg
- Former Yugoslav Republic of Macedonia
- Malta
- Moldova
- Monaco
- Montenegro
- Netherlands
- Norway
- Poland
- Portugal
- Romania
- Russia
- San Marino
- Serbia
- Slovakia
- Slovenia
- Spain
- Sweden
- Switzerland
- Turkmenistan
- Ukraine
- United Kingdom
- Uzbekistan

Paalala: Ang "Hague Convention" ay hindi angkop na ipatupad kung ang ilegal na pag-alis o pagpigil ng bata ay nangyari bago pa nagkabisa ito sa Japan noong Abril 1, 2014. (Gayunpaman, kahit sa sinabing sitwasyon, kapag may pagpigil sa pagdalaw at pakikipag-ugnayan ng isang magulang sa kanyang anak, maaaring tumanggap pa rin siya ng suporta para maisakatuparan ang karapatang ito.)

Sa mga diplomatikong misyon ng Japan…

Kapag nagkaproblema ang isang magulang habang nasa ibang bansa, maaaring kumonsulta sa Embahada o Konsulado Heneral (diplomatikong misyon) ng Japan. Ang mga diplomatikong misyon ng Japan ay nagbibigay ng suporta, katulad ng mga sumusunod.

- Pagpapakilala sa mga abogadong dalubhasa sa batas at mga kaso ukol sa pampubliko at pangpamilyang relasyon (kung maaari, sa abogadong marunong ng salitang Hapon), mga interpreter, translator, mga institusyong may kinalaman sa pamamagitan o arbitrasyon, mga grupong nagbibigay ng suporta ukol sa pagdalaw at pakikipag-ugnayan ng mga magulang sa mga anak at mga grupong nagbibigay din ng tulong sa mga biktima ng "domestic violence".
- Pagbibigay-alam o paghingi ng suporta sa mga institusyon sa bansang kinalalagyan o tinitirahan kapag nababahala sa sariling kaligtasan
- Pagkonsulta o paghingi ng payo ukol sa mga pampamilyang problema (ayon sa nasabing pag konsulata maaari ring humiling ng record ng pagkokonsulta sa diplomatikong misyon ng Japan.)

Kapag nagkaproblema, huwag mag-atubiling humingi ng tulong sa diplomatikong misyon ng Japan.

Kung may tanong o bagay na ibig malinawan o pagkabahala ukol sa "Hague Convention", mangyaring tumawag sa "Hague Convention Division". Maaari rin, bisitahin ang "home page" ng Kagawaran ng Ugnayang Panlabas para sa detalyadong impormasyon.

Kagawaran ng Ugnayang Panlabas Ugnayang Pangkonsulado
Hague Convention Division

2-2-1, Kasumigaseki, Chiyoda-ku, Tokyo 100-8919

TEL +81-3-5501-8466
Lunes hanggang Biyernes, mula ika-9 ng umaga hanggang ika-5 ng hapo
(oras ng pahinga: 12:30 – 13:30)

E-mail hagueconventionjapan@mofa.go.jp

URL http://www.mofa.go.jp/mofaj/gaiko/hague/index.html